

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kagustuhan Niya na nasusunod sa buhay natin. Ipanalangin na lagi kang magpapasailalim sa kagustuhan ng Diyos dahil alam mo na ang plano Niya ang pinakamabuting plano para sa buhay mo.
- Ipanalangin na lagi mong pipiliing magkaroon ng malambot na puso na naghahangad na gawin ang kagustuhan ng Diyos. Ipanalangin na sa tuwing ang kagustuhan mo ay hindi naayon sa nais ng Diyos, magkakaroon ka ng karunungan at kakayahan na piliin ang kagustuhan Niya.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang matulungan ang mga nahihirapang tanggapin kagustuhan ng Diyos sa buhay nila. Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng mga tamang salita upang tulungan silang sumunod sa Diyos nang may pananampalataya.

NOTES

UNCHANGING

Pagpasa ng Pagpapala

WEEK 3

WARM-UP

- Komportable ka ba kapag natatalo ka? Bakit oo o bakit hindi?
- Kailan ang huling pagkakataon na hinayaan mong masunod ang isang tao kahit pa kabaligtaran ang gusto niya sa gusto mo? Ano ang nangyari?
- Kailan ka huling nasaktan ng labis dahil sa isang bagay na nawala mo? Ano ang ginawa mo dahil dito?

WORD *Dahil sa pananampalataya, binasbasan ni Isaac sina Jacob at Esau para maging mabuti ang hinaharap nila.*

MGA HEBREO 11:20

(Basahin din ang **GENESIS 27:18-32.**)

Ang mga Hudyo ay may tradisyon ng pagpapala sa kanilang mga anak. Ang pinakamatanda, na kadalasan ay panganay na lalaki, ay dapat na tumanggap ng doble ng bahagi ng ari-arian na para sa kanya. Nang matanda na si Isaac at hindi na nakakakita, tinawag niya si Esau, ang panganay niyang anak, upang paghandaan siya ng pagkain at pagpalain bago siya mamatay. Nakapaloob sa pagpapala ang mga salitang nakapagpapalakas ng loob, ang mga mamanahin, at mga pahayag na magtatakda ng mga mangyayari sa hinaharap. Subalit sa halip na matanggap ni Esau ang mga pagpapalang ito, naibigay ito kay Jacob dahil sa panlilinlang nito sa kanyang ama at kapatid. Kahit na ganito ang nangyari, sinasabi sa Bibliya na si Isaac ay kumilos nang may pananampalataya. Sa araw na ito, titignan natin kung paano isinuko ni Isaac ang kagustuhan niya sa kagustuhan ng Diyos nang may pananampalataya.



© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

1 | Si Isaac ay handa na sa kanyang plano.

Lumapit si Jacob sa kanya at hinagkan ang kanyang ama. Nang maamoy ni Isaac ang damit nito, binasbasan niya agad si Jacob na nagsasabi, "Ang amoy ng aking anak ay katulad ng amoy ng bukid na binasbasan ng Panginoon. GENESIS 27:27

Sa kabila ng sinabi ng Diyos (Genesis 25:23) na ang *nakatatanda ang maglilingkod sa nakababata niyang kapatid*, at sa kabila ng pagsumpa ni Esau na ibibigay niya kay Jacob ang *karapatan niya bilang panganay* (Genesis 25:29-34), si Isaac ay determinado pa rin na ibibigay kay Esau ang kanyang pagpapala. Nang araw na iyon, nakatuon si Isaac sa pagbibigay ng pagpapala kay Esau at hiniling niya na mangaso ito at ipaghanda siya ng masarap na pagkain (Genesis 27:4). May naalala ka bang pagkakataon kung kailan ipinilit mo ang kagustuhan mo kahit pa alam mo na kung ano ang kagustuhan at utos ng Diyos?

2 | Ang kagustuhan ng Diyos ang nasunod.

Nang marinig ito ni Isaac, nanginig siya at sinabi, "Sino kaya ang unang nangaso at nagdala rito sa akin ng pagkain? Katatapos ko lang kainin iyon nang dumating ka. Ibinigay ko na sa kanya ang aking basbas at hindi ko na iyon mababawi." GENESIS 27:33

Nang malaman ni Isaac ang panlilinlang na ginawa ni Jacob, nanginig siya. Hindi lamang siya ang nagalit. Si Esau ay *umiyak nang labis* nang sabihin sa kanya ng kanyang ama ang nangyari. Si Isaac at si Esau ay parehong nakatuon sa gusto nilang mangyari, subalit ang kagustuhan ng Diyos ang nasunod. Bago pa man ipinanganak ang kambal, sinabi na ng Panginoon na *ang nakatatanda ay maglilingkod sa nakababata niyang kapatid* (Genesis 25:23). Paano ipinapaalam sa iyo ng Diyos kung ano ang kagustuhan Niya?

3 | Isinuko ni Isaac ang kagustuhan niya sa kagustuhan ng Diyos.

Sumagot si Isaac, "Ginawa ko na siya na maging iyong amo at ginawa ko rin ang lahat ng kamag-anak niya na maging mga alipin niya. Ibinigay ko na sa kanya ang saganang pagkain at inumin. Kaya ano pa ang maibibigay ko para sa iyo anak?"

GENESIS 27:37

Sa huli, isinailalim ni Isaac ang kagustuhan niya sa kagustuhan ng Diyos. Pinagtibay niya ang pagpapalang ibinigay niya kay Jacob sa pamamagitan ng pagsabi kay Esau na maglilingkod siya sa kanyang kapatid, kahit pa alam niyang masasaktan ito (Genesis 27:39). Kinilala ni Isaac ang kagustuhan ng Diyos. Ayon sa Mga Hebreo 10:36, ano ang mangyayari matapos nating magawa ang kagustuhan ng Diyos?

APPLICATION

- Ano ang isang sitwasyon sa buhay mo kung saan kailangan mong malaman ang kagustuhan ng Diyos? Ano ang mga maaari mong gawin upang malaman kung ano ang nais ng Diyos sa sitwasyong ito?
- Nahihirapan ka bang magpasailalim sa awtoridad ng Diyos? Ano ang ilan sa mga bagay na alam mong kailangan mong isuko sa Diyos?
- Sino sa mga kaibigan o kapamilya mo ang kailangang tumanggap sa kagustuhan ng Diyos sa kanilang buhay? Paano mo sila mahihikayat ngayong linggo na sumunod sa Diyos?